**Inter-Agency Task Force for COVID-19**

**Additional Guidelines for the Enhanced Community Quarantine**

**March 30, 2020**

**Resolution No. 16**

A. Ayon sa direktiba ng DILG, inaatasan ang lahat ng mga LGU, kasama ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), at mga GOCC na tukuyin and mga pasilidad na maaring pansamantalang gamitin bilang isolation o quarantine facilities.

   Inaatasan and DOT at ibang mga ahensya na makipagtulungan sa mga awtoridad sa pagtukoy ng mga pasilidad na pwedeng gamitin bilang isolation o quarantine centers.

   Ang mga natukoy na pasilidad ay dapat ipagbigay-alam sa NTF ng COVID-19 at Task Group on Resource Management and Logistics. Ang mga pasilidad na ito ay gagamitin para sa mga PUI at mga nag-positibo sa COVID-19 na may mild na sintomas.

   Inaatasan ang DPWH na magsagawa ng mga site inspections sa mga naturang pasilidad. Kaugnay nito, magbibigay ang DPWH ng accreditation sa mga manggagawa para sa konstruksyon. Ang mga accredited na manggagawa ay exempted sa strict home quarantine.

B. Ang Joint Memorandum Circular ng DILG, DBM, DOLE, DSWD, DA, DTI at DOF para sa Special Guidelines sa pagbibigay ng Social Amelioration Measures ay inaprubahan ng IATF. Ang iba't ibang ahensya at mga LGU ay inaatasang magbigay ng kani-kanilang beneficiary databases sa DSWD at DOF. Ang DSWD ang mangangasiwa sa database ng COVID-19 Social Amelioration Program ng Gobyerno.

C. Ang mga negosyong kaugnay sa produksyon, pagproseso, at pag-distribute ng mga pagkain ay maaring magpatuloy sa operasyon na may hindi hihigit sa 50% ng kanilang manggagawa, maliban na lang kung ang pangangailangan para sa suplay ng naturang pagkain ay mas mataas, alinsunod sa pahintulot ng DTI at pagpapatupad ng social distancing measures.

   Alinsunod sa direktibang ito, pinapaalalahanan ang LGU at mga Law Enforcement Agencies na payagan ang mga manggagawa na pumunta sa kani-kanilang mga trabaho. Kaugnay din dito, hinihikayat ang mga negosyo na magbigay ng mga on-site accommodation para sa kanilang mga manggagawa.

D. Upang masiguro ang suplay ng pangunahing pangangailangan, inaatasan ng IATF ang importers, consignees, truckers, shipping lines at ibang regulators (Bureau of Customs, Philippine Ports Authority, DTI at DA) na agad aksyunan at tanggalin ang mga hadlang o sagabal sa daloy ng suplay ng pagkain.

E. Inaprubahan ang Rapid Pass System (RPS) at ginawa ang Technical Working Group na papamunuhan ng DICT at kinabibilangan ng DOST at iba pang ahensya, para maglunsad ng mga patnubay sa implementasyon ng nasabing RPS.

F. Nararapat na hingan ng consent o pahintulot ang mga pasyente kaugnay sa pagbibigay ng kanilang identidad o pagkakakilanlan.

G. Inaprubahan ang mga pagbabago sa NTF organizational structure kung saan:
   a. Pamumunuan ng Chief Implementer ng National Policy para sa COVID-19 na si Carlito Galzez, Jr. ang National Incident Command.
   b. Ang DICT ay kabilang na sa Task Group on Strategic Communications.
   c. Ang DA, Philippine Coast Guard, at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ay kabilang na sa Task Group on Resource Management and Logistics.
   d. Ang mga Pinuno ng mga sumusunod na Opisina ang inatasang mamuno sa mga Task Groups ng NTF:
      i. Department of Health para sa Task Group on Response Operations;
      ii. Department of Social Welfare and Development para sa Task Group on Resource Management and Logistics; at
      iii. Office of the Cabinet Secretary para sa Task Group on Strategic Communications.

   Kaugnay nito, inaprubahan at pinagtibay ang Regional Task Force COVID-19 at ang Local Task Force COVID-19 organizational structures.

H. Binuo ang IATF Technical Working Group for Anticipatory and Forward Planning. Ito ay pamumunuan ng National Economic Development Authority, at kinabibilangan ng DA, DTI, DOH, at DedEd.

I. Inaprubahan ang mga sumusunod na rekumendasyon ng DA:
   a. And DA, DOF, at DTI ay makikipagtulungan sa Association of Southeast Asian Nation (ASEAN) at hihikayatin ito na huwag magpataw ng trade restrictive measures upang bigyang prayoridad ang mga umiiral na supply contracts.
   b. Kung kinakailangan, mag-iimport ng 300,000 metric tons na bigas mula sa mga ASEAN trading partners ng bansa.
   c. Muling pinapalalahanan ang mga LGU sa mga sumusunod na direktibang nakasaad sa Resolution No. 15 ng IATF

i. Pinapayagan ang pagsasaka at pangingisda;
ii. Siguraduhin ang patuloy na suplay ng mga materyales at kagamitan para sa agrikultura; at
iii. Ang Local Price Coordination Council ay inaatasang magmonitor ng presyo ng mga produktong agricultural.

d. Kinakailangan ang Php 31 Billion na pondo para sa mga programang Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Contra sa COVID-19 o Plant, Plant, Plant Program (4Ps) upang siguraduhin ang suplay ng pagkain sa bansa.

J. Muling binago ang IATF Resolution No. 13 Section B(1):
"Ang mga OFW at mga stranded na dayuhan ay papayagan umalis sa kahit anong port sa Luzon" Gayunpaman,

i. Ang mga batas at travel restrictions ng mga bansa sa sinasakupan nito ang mananaig.
ii. Isa lang ang maaring sumama sa mga pasahero na paalis ng bansa.
iii. Ang Overseas Workers Welfare Administration ay inaatasang magbigay ng tulong pang-transportasyon para sa mga OFW na papaalis ng bansa.

Kaugnay nito, pinagtibay ng IATF ang mga direktiba ng Department of Transportation para sa mabilis at maayos na proseso ng pag-alis ng mga natitirang dayuhan sa bansa hanggang sa ika-27 ng Marso 2020.

K. Ang OWWA ay makikipagtulungan sa DOTr, PNP, at NDRRMC sa pangangasiwa para sa mga papaalis na OFW.

L. Ang DBM ay kabilang na sa IATF.